

CHAPTER ONE

“Alona, tingin mo ba magugustuhan ako ng papa mo?” kinakabahang tanong ni Warren nang papasok na sila sa loob ng *Villa Lagdameo*.

Halos apat na oras din ang biniyahe nila mula sa townhouse niya sa Maynila hanggang sa Batangas. Batid niyang naghihintay na ang kanyang pamilya sa pagdating nila.

“I’m very sure,” mabilis niyang sagot kahit na hindi siya nakakasiguro. Ang tangi lang niyang mahihiling ngayon ay huwag sanang pakialaman ng ama ang pagpili niya sa lalaking pakakasalan. Tatal, sa gulang niyang dalawampu’t anim ay napatunayan na niyang kaya niyang mamuhay nang mag-isa at magpatakbo ng isang malaking negosyo.

Bago pa man sila makapasok sa bahay ay iniluwa na ng pinto ang matangkad at may kaitimang lalaki. Gumuhit ang ngiti sa labi nito nang makita siya.

Sabik na yumakap siya rito. “Wilson!”

“Kumusta na ang bunso kong kapatid?”

Pagkasabi niyon ay marahan nitong sinipat ng tingin si Warren.

Hindi nakaligtas sa kanya ang ginawa ng kapatid. Her brother was making her fiancé feel nervous on

purpose.

Bumitiw siya sa pagkakaakbay rito at pasimpleng lumapit sa kasintahan. “Warren, siya ang kapatid ko.” Tumikhim siya upang alisin ang bikig sa lalamunan. “Wilson, ito ang lalaking pakakasalan ko, si Warren Padilla.” Pagkasabi niyon ay hinila niya ang kasama sa sala kung saan ginaganap ang salu-salo.

Ang mga mata ng lahat ay nakatuon sa lalaking kasama niya nang pumasok sila.

Itinuon niya ang tingin sa mga magulang na nakaupo sa gawing gitna ng silid. Tumayo si Gng. Yolanda Lagdameo at humalik sa kanyang pisngi, samantalang ang kanyang ama ay nanatili lang sa kinauupuang antigong silya.

Nanatili pa rin itong tahimik nang humalik siya sa pisngi nito. Inaalala nito kung saan nakita ang binatang kasama ng anak. Sa pagkakunot ng noo ng matanda ay bumangon ang kaba sa dibdib ni Warren.

Si Wilson na nakasandal sa may pintuan ay napailing nang makita ang anyo ng katipan ni Alona. Marami na itong narinig tungkol sa binata; mga kuwentong nagmula pa mismo sa ama nitong si Abelardo Padilla. Kaya hindi pa man nag-uumpisa ang ‘interview’ ay natitiyak na nitong hindi papasa ang nobyo ng kapatid sa napakataas na standards ni Alfon Lagdameo, ang kanilang ama.

Nagsimulang ipakilala ni Alona ang kasintahan sa pamilya. Tanging ang ina lamang niya ang nagpakita

ng sigla sa pagpapakilala ng anak sa kasama.

“Ikaw ang anak ni Abelardo?” usisa ng matandang lalaki. Dumilim ang anyo nito nang tumango ang binata. Bumalik sa alaala nito ang hinaing noon ng negosyante tungkol sa anak. Matagal nitong tinitigan ang kaharap—mula ulo hanggang paa, mula paa hanggang ulo.

Nangatog ang tuhod ng binata. Pasimple nitong dinukot ang panyo sa bulsa at ipinunas sa pinagpawisang noo.

Lalong dumilim ang anyo ni Alfon sa inakto ng bisita. Para lang nitong pinatotohanan ang hinaing ng ama nito na mahina ang loob nito. “Ano ang ikinabubuhay mo, Hijo?”

“H-ho?”

“Tell me what your job is,” ulit ng ginoo sa istriktong boses. Nababakas sa tinig nito ang iritasyon. “Nabanggit minsan sa akin ng iyong ama na empleyado ka sa inyong kompanya. Gusto kong sabihin mo kung ano ang posisyon mo roon.”

“C-chief accountant po.”

“Chief accountant!” hindi makapaniwalang bulalas nito. “Have you ever thought, young man, that you’re old enough to manage your own company?”

Yumuko ito. “I don’t think, Sir... that I am capable enough to handle a business on my own...”

Napataas ang isang suok ng labi ng matanda.

“You think you’re not capable enough to handle a business of your own, young man? If that’s the case, then I also think you’re not capable enough to be my son-in-law.” Bago pa makakibo isa man sa magkasintahan ay hinarap na nito ang dalaga. “Kilala mo ako, Alona, kaya natitiyak kong alam mo na ang desisyon ko, hindi ko man ito pagkaabalahan pang sabihin. Pero para magkaliwanagan, isasaboses ko na rin na hindi ang lalaking ito—” Itinuro nito si Warren. “—ang lalaking nababagay sa ’yo! Magiging sunud-sunuran lang siya sa iyo.”

“Papa!” saway niya nang mamutla ang binata. “Ayaw ninyong maging sunud-sunuran ang asawa ko sa akin dahil gusto n’yo na akong babae ang dapat na maging sunud-sunuran, di ba, Papa? Puwes, ayoko! Hindi ako tutulad kay Mama na tatango lang kapag inutusan ninyo at walang boses na tumanggi sa anumang gustuhin ninyo.”

Kitang-kita niya ang pagkawala ng kulay sa mukha ng ina. Ayaw niya itong insultuhin pero hindi na niya iyon maiiwasan pa.

Muling hinarap ng matandang lalaki si Warren. Anumang sinabi ng anak ay hindi nito binigyan ng pansin. “Huwag mo sanang isiping iniinsulto kita, Hijo. I hate pretenses kaya mas mainam na itong nagkakaliwanagan tayo. Gusto ko kasing kung magkakamanugang rin lang ako, eh, iyong tiyak nang makakasundo ko. Ayokong mawalan ng harmony sa

aking pamilya. Naiintindihan mo ba ako, Hijo?"

Tumango lang si Warren.

"Kung ganoon—"

"Will you please stop it, Pa!" putol ni Alona sa pangungusap ng ama.

Tumigil ang matanda ngunit hindi na niya naipagtanggol ang kasintahan. Tumakbo na ito palabas nang walang paalam.

"Now look at what you've done, Papa!"

"This only proves na hindi siya karapat-dapat sa 'yo, Sis," singit ni Wilson. "Ang isang tunay na lalaki ay hindi tumatakbo sa—"

"At sino ang bagay sa akin, ha? Mga aroganteng lalaking tulad ninyo ng Papa? Iyan ang isa pa sa mga dahilan kung bakit umalis ako sa bahay na ito. Pulos mga primera-clase ang mga lalaki!" Pagkasabi niyon ay tumakbo siya palabas upang sundan si Warren.

Pagsilip niya sa bintana ng kotse ay nakita niyang nakalugmok ang mukha ng nobyo sa manibela.

Pumasok siya at marahang hinagod ang likod nito.

"Uuwi na tayo, Warren," bulong niya.

"I'm not good enough for you, Alona," mahinang pahayag nito.

"Sila lang ang nagsasabi n'on." Hinila niya ito paharap sa kanya. "Ikaw ang gusto kong pakasalan, wala nang iba pa."

"Tama naman sila, eh. Kahit nga ang Papa, laging naiirita sa akin. Sabi niya, wala raw akong buto. Sabi

niya—”

Masuyo niyang ipinatong ang hintuturo sa ibabaw ng mga labi nito. “You are the perfect man for me, Warren. So perfect, in fact, kaya hindi iyon makita ng Papa. Akala niya, alam niya lagi kung ano ang tama. Pero maling-mali siya. Ikaw lang ang lalaking gusto kong makasama habang-buhay.”

Hindi pa rin humupa ang lumbay sa mukha nito. “Pero paano kung tuluyan na tayong paglayuin ng ama mo? Napakayaman niya, makapangyarihan at maraming koneksyon; hindi malayong magtagumpay siya sa anumang gustuhin niya. Ano ang gagawin natin?”

“May... may naisip akong palabas na tiyak kong magugustuhan niya.” Makahulugan siyang ngumiti bago muling nagsalita. “Ihaharap ko sa kanya bilang kasintahan ang lalaking papangarapin niya bilang manugang. Isang lalaking eksaktong replika ng katauhan niya—arogante at hindi kailanman luluhod sa anumang gawin niya. That would be my gift to him on his birthday! Gagamitin ko ang lalaking iyon para paglalangan si Alfon Lagdameo.”

“But... but how?”

“Sasabihin ko kay Papa na na-realize ko nang hindi ikaw ang dapat kong pakasalan, na wala na tayong relasyon. Then, on his birthday, dadalhin ko ang lalaking kunwari ay napili kong ipalit sa 'yo. Sa mata ng Papa, ang lalaking iyon ang magiging

boyfriend ko hanggang sa makaalis tayo para magpakasal sa ibang bansa. We will stay there for two years bago tayo umuwi dito.”

Saglit itong nag-isip. “Paano kung tumutol pa rin siya pagbalik natin?”

“Wala na rin naman siyang magagawa kapag kasal na tayo, eh. Magwala man siya sa umpisa, matatanggap na rin niya tayo eventually.”

Napabuntong-hininga siya. “Kung puwede nga lang na bukas na tayo magpakasal pero sa dami ng kakilalang judge ni Papa, may posibilidad na magawa niyang walang bisa ang kasal natin. Sa ibang bansa ay wala siyang magagawa dahil nagtatapos ang kapangyarihan niya sa boundary ng Pilipinas.”

“Pero hindi madaling maghanap ng lalaking aayon sa plano mo, Alona.”

“Oh, I *will* find him, Warren,” aniyang may confidence sa boses. “Once I set my mind on something, hindi ako nabibigo.”

CHAPTER TWO

Mula nang gabing tinutulan ni Alfon ang kanilang relasyon, binawasan na nina Alona at Warren ang pagkikita sa mga lugar na madalas puntahan ng kanyang ama sa tuwing naluluwas ito ng Maynila. Dinagdagan na rin nila ang pag-iingat sa tuwing naiisipan nilang lumabas.

“Naglalakbay ang isip mo, Alona,” puna ng binata minsang dumalo sila sa birthday party ng pinsan nito.

Natauhan siya at nag-angat ng tingin. Masyado siyang natuon sa malalim na pag-iisip kaya hindi na niya naalalang kasayaw niya ang kasintahan. “I... I’m sorry, Warren. Naalala ko lang ang lalaking ilang buwan ko na ring kinokonsidera sa plano ko.”

Bahagyang kumunot ang noo nito. “Hindi mo pa yata iyan nababanggit sa akin.”

“Hindi pa kasi ako nakatitiyak kung mapapapayag ko siya. Mahigit tatlong buwan ko na rin siyang kino-contact pero hindi ko pa rin siya nakakausap. Nasa abroad raw, sabi ng sekretarya niya at hindi alam kung kailan ang balik. Hanggang ngayon nga, wala pa rin akong kaide-ideya kung ano ba ang hitsura niya. Wala naman akong mahanap

na picture ng Brett Alejar na iyon.” Nag-angat siya ng tingin nang marinig ang paghugot ng hininga ng nobyo.

“Paano mong nakilala si Brett Alejar?” tanong nito.

Nalilito man sa reaksiyon nito ay nagpaliwanag siya. “Tinudyo minsan si Papa ng mga kaibigan niya nang matalo siya sa bidding sa kauna-unahang pagkakataon ng isang binatang halos anak na lamang niya sa laki ng agwat ng edad nila. Nangyari iyon dalawang araw matapos mai-announce na si Brett Alejar na ang bagong may-ari ng *Yasaka Motors*. Naggalit-galitan ang Papa pero kitang-kita ko sa mga mata niya ang paghanga at respeto kay Alejar,” pahayag niya.

“Kalimutan mo na ang lalaking iyon, Alona,” pormal na saad nito. “Marami pa namang iba riyan na puwede nating i-consider.”

Napakunot-noo siya. “You know him personally?”

“Tulad ng marami, bihira ko lang siyang makita. Hindi naman kasi siya nagdadadalo sa mga pagtitipong tulad nito. Marami akong mga bagay na naririnig tungkol sa kanya,” paliwanag nito. “Womanizer daw siya and a cold, hard cynic. He doesn’t give a damn sino man ang masagasaan niya basta makuha niya ang gusto.”

Nag-isip ang dalaga. Ang tipo ni Brett Alejar ang

hindi luluhod kahit kay Alfon Lagdameo. *Siya na nga yata ang lalaking hinahanap ko!* pagdiriwang ng isip niya.

“He’s not an easy man to get along with, Alona,” muling paalala ng kasintahan. Natigilan lang ito nang marinig ang mahinang tawa niya. “Why are you laughing?”

“Hindi ko alam na updated ka pala sa mga tsismis, Warren.”

“They’re not just rumors. Totoong pusong bato ang lalaking balak mong kunin bilang ‘kasintahan.’”

“Are you trying to scare me?” tudyo niya.

“I’m just trying to make you see sense,” paliwanag nito. “Walang sinasanto ang isang Brett Alejar at ikapapahamak mo kung maglalalapit ka sa kanya.”

Napaikot ang mga mata niya. “Kailan ko ba kinailangan ang ano mang paalala mula sa iyo? Eversince nama’y kumikilos ako sa paraang gusto ko, di ba?”

Napailing na lang ito at sumunod sa kanya nang bumitiw siya para pumunta sa refreshment area.

Nang mapalitan ang kasalukuyang tugtog ay isinayaw siya ng isang pinsan ng kasintahan. Sandali pa lamang silang nagsasayaw nang lumapit naman ang isang lalaki at palitan ang kanyang kapareha, pagkatapos ay ang iba pa na halos hindi na niya nagawang bilangin dahil nagsimula nang manakit

ang kanyang paa. Magalang siyang tumanggi nang lapitan siya ng isa pa sa mga panauhin.

Nais niyang magpahangin sa labas kaya kahit nag-iisa ay tinungo niya ang isa sa mga pinto palabas ng hardin. Dahil napapaligiran ng matataas na halaman ang bahaging iyon ay halos wala nang makita ang dalaga sa kadiliman. Tinungo niya ang isa sa mga benches na naaninag niya.

“All alone, Sweetheart?” tanong ng baritonong boses buhat sa isang madilim na bahagi ng hardin.

Napahawak siya sa dibdib sa labis na kabiglaanan. Liban sa puting polo at nangingislap na baga ng sigarilyo ay hindi na niya makita ang may-ari ng boses. “Y-you startled me...”

Nanatili ito sa inuupuang bench. “I know.”

Kahit anong adjust ang gawin ni Alona sa paningin ay hindi pa rin niya makita ang mukha nito. Gusto na tuloy niya itong hilahin patungo sa liwanag na nagmumula sa nakabukas na pinto upang malaman kung sino ito.

Animo’y nabasa ang kanyang iniisip, tumayo ang lalaki at marahang lumakad palapit sa kanya. Itinapon nito ang hawak na sigarilyo at huminto sa bahaging maliwanag. Tumama ang liwanag sa mukha at katawan ng estranghero kaya nakita niya ang kabuuan nito.

Napasinghap siya. Hindi niya inaasahan ang biglang pag-atake ng hindi mapigilang pagsikdo

ng kanyang dibdib. The man was so attractive, she could not believe her eyes! He was dark and totally masculine.

Lihim naman itong nagalak sa nakitang pagkabigla niya.

Natauhan lang siya nang pumitik ito sa harapan niya. Bigla siyang namula. Sa buong buhay niya ay ngayon lang siya halos mag-swoon sa isang lalaki.

“Kung hindi ko lang naiisip na hindi nagswoon ang isang Lagdameo ay iisipin kong iyon na ang nangyayari sa ‘yo,” komento nito sa amused na tinig.

“Y-you know me?”

“Minsan ay nakita ko na ang mukha mo sa isang magazine. And now I know na walang talent ang photographer na kumuha ng larawan mo. That picture did not even capture half of your beauty.” Sinundan nito ng malagkit na tingin ang sinabi.

“Why are you here?” pag-iiba niya ng usapan. “Kanina pa nag-uumpisa ang pagtitipon at naroon na halos lahat ang mga panauhin. Unsociable ka ba para mananatili ka lang dito?”

“Kanina pa ako nakikipaglokokohan sa mga panauhing naroroon bago ka pa man dumating. Nang magsawa ako’y minabuti ko na lang na magmukmok sa piling ng mga halaman. Ngayong narito ka na, lalo lang akong nawalan ng ganang pumasok sa loob. Ngayon ko lang na-appreciate ang pamimilit sa akin

ni Arturo na dumalo sa party na ito," tukoy nito sa isa sa mga tiyuhin ni Warren. "Makita lang kita'y nawawala na ang inip ko."

Nagtayuan ang balahibo ni Alona. This man was obviously a master at seduction. Kung mananatili pa siya roon ay siguradong mapapahamak siya. "I must go," aniyang tumalikod na subalit muli ring napabalik nang hawakan nito ang kanyang braso.

"Not so fast, Sweetheart."

"Hinahanap na ako ni Warren."

"Warren?"

"My fiancé," deklara niya mas higit para sa sarili kaysa sa lalaki. Sinimulan nitong haplusin ang kanyang braso at kung hindi pa ito titigil ay natitiyak niyang makakalimutan niya ultimo kanyang pangalan. "D-don't..."

"Don't what?" tanong nito sa mapanghibong tinig.

Hinila niya ang braso. "G-giniginaw na ako."

"I can keep you warm." Hinawakan nito ang likod niya at lalong pinagdikit ang kanilang mga katawan. "See? Kahit magdamag pa tayo rito, hindi tayo giginawin."

Sandali niyang nakalimutan ang pagnanais na lumayo nang maamoy ang panlalaking pabango nito. Nakalimutan din niyang isa itong estranghero na ni hindi niya alam ang pangalan.

"You're so beautiful...." Marahan nitong hinawi

ang buhok na tumatakip sa gilid ng kanyang mukha at saka hinaplos ang pisngi niya patungo sa labi.

Hindi maipaliwanag ni Alona kung ano ang kapangyarihang nagkukulong sa kanya para pahintulutan ang ginagawa sa kanya ng lalaki. Waring nahihipnotismo siya sa paraan ng paghaplos nito.

Napaurong siya nang mamalayan ang unti-unting pagbaba ng mukha nito sa kanya. Humigpit ang yakap nito. "Let's get out of here, Alona," anas nito. "Pumunta tayo sa pad ko."

Natigilan siya. "H-ha? Bakit?"

"Sweetheart, I know you want me in the very same way that I want you. You might be too shy to admit it, pero kanina pa iyon isinisigaw ng katawan mo."

Doon na bumalik ang katinuan ng dalaga. Iniisip ba ng lalaking ito na pang-one-night stand lang siya? Marahil. Sinuman kasi ang makakita sa ginawa niyang pagpapaubaya ay ganoon din ang iisipin.

"Nasa harap ang kotse ko," narinig niyang sabi nito. "At mayroon akong alam na daan para makaalis tayo nang walang makakakita sa atin."

Umiling siya.

"Sweetheart..."

"No!" mariin niyang piksi at ilang hakbang na inilayo ang sarili rito. "I'm sorry kung nabigyan kita ng maling ideya sa inakto ko kanina. I was... I wasn't

thinking properly at hindi ko alam kung bakit ko nagawa iyon." Yumuko siya. "You might be thinking that I'm cheap." Itinaas niya ang isang kamay nang magtangka itong magsalita. "Please, huwag mo na akong pigilan. My fiancé is probably waiting for me now." Pagkasabi niyon ay nagmamadali na siyang lumayo.

"Alona, kanina pa kita hinahanap," salubong ni Warren sa kanya. "Akala ko tuloy, iniwan mo na ako."

"N-nagpahangin lang ako," aniyang iniwas ang tingin dito.

"Gusto mo na bang umuwi?"

Umiling siya. "Mayamaya na. Ayoko namang isipin ng pinsan mo na hindi tayo nag-e-enjoy sa birthday party niya. She's—" Natigilan siya nang may mahagip ang kanyang pandinig. Pangalan nga ba iyon ni Brett Alejar?

"Do you want anything to drink?" tanong ni Warren.

Hindi na niya nakuhang sumagot dahil tuluyan nang naagaw ng anim na lalaking nag-uusap ang buo niyang atensyon.

"So he's already here. Tapos na ba ang business deal niya sa Canada?"

"Perhaps. Napakalaking kompanya ng *Herzberg* at imposibleng tanggihan ni Alejar ang deal na inaalok ng mga ito. Napakasuwerte na niyang maituturing dahil napabilib sa kanya ang board of directors ng

kompanyang iyon.”

“Did you hear that, Warren?” bulong ni Alona sa kasintahan. “Narito raw si Brett Alejar.”

“Iyon nga ang sasabihin ko sana sa 'yo kanina pa.”

“Where is he?”

Nagkibit-balikat ito. “Knowing Brett, marahil ay umalis na iyon. Hindi iyon sanay na nagpapaalam kahit kanino, you know.”

“Just like my father,” bulong niya sa sarili. Nagtaas siya ng tingin sa nobyo. “I’m dying to meet him, Warren. Ang tagal ko nang inensayo ang lahat ng gusto kong sabihin sa kanya kapag nakaharap ko na siya. And you know what? Habang nakakarinig ako ng mga bagay tungkol sa kanya ay lalong lumalaki ang pagnanais kong maiharap siya sa Papa. They would complement each other perfectly. Si Papa, as the formidable father-in-law and Brett Alejar, as his perfect—but fake—future son-in-law. It would be a lesson well-learned for Alfon Lagdameo.”

“Nariyan na si Alejar,” dinig niyang anas ng isang lalaki na ikinatigil ng pag-uusap ng grupo nito.

Ang mga mata ng anim na negosyante, maging ang iba pang nakarinig sa sinabi ng isa sa mga ito ay napakong lahat sa pintuang pinanggalingan kanina ni Alona. Napalingon din ang dalaga at ikinapanlaki ng mga mata niya ang sumunod na nakita.

It can't be! sigaw ng isip niya. Hindi maaaring

maging si Brett Alejar ang lalaking nanggulo ng isip niya kanina sa hardin!

“Alejar! Matagal ka ring namalagi sa Canada. Akala tuloy namin, eh, hindi ka na babalik.”

Tipid na ngumiti si Brett. May sinabi ito na sa sobrang hina kaya hindi umabot sa pandinig ni Alona. Inilibot nito ang tingin hanggang sa dumako sa direksyon niya. Ipinako nito ang mga mata sa kanya.

“He’s quite remarkable, isn’t he?”

Napapitlag siya sa komento ng nobyo.

“Do you still want to consider him for your plan?”

Saglit niyang ninakawan ng sulyap ang tinutukoy nito. “Yes,” tugon niya. Hinila niya ito patungo sa refreshment table.

Mag-a-alas-doce na ng hatinggabi nang makita niya ang pagpapaalam ni Brett sa mga kakilala nito. Binulungan niya ang nobyo na magpaalam na rin at sumunod na lang sa kanya sa labas dahil kakausapin pa niya si Brett.

Natigilan sa pagpasok ng kotse ang lalaki nang tawagin niya ito.

“Excuse me, Mr. Alejar, but could we talk?”

“With pleasure, Sweetheart,” suwabe nitong sagot at saka marahang ngumiti.

Lumingon muna siya sa paligid upang matiyak na walang sinumang makakarinig sa sasabihin niya.

Ayaw niyang sa umpisa pa lang ay mabulilyaso na ang kanyang plano. Namataan niya si Warren, at sinenyasan niya itong maghintay sa kotse, bago muling nilingon ang kaharap na napataas na ang kilay sa ikinilos niya.

“Is it that confidential?” anito sa naaaliw na boses.

“Hindi ito ang tamang lugar para pag-usapan ang pakay ko, Mr. Alejar. Let’s talk tomorrow at my office. Around three.”

Umiling-iling ito.

“How about the day after?”

“Ngayon tayo mag-usap. Sa pad ko.”

Natigilan siya, inakalang mali lang ang kanyang dinig. “Pardon me?”

Mahinang natawa ang lalaki. It was a masculine laugh, deep and husky. “Ako ang kailangan mong makausap, Miss Lagdameo, and not the other way around. Para mapapayag mo akong kausapin ka, paalisin mo na ang lalaking kasama mo at sumabay ka na sa akin umuwi. We can have a very intimate chat without him.”

Namula siya sa labis na iritasyon. “Ang lalaking gusto mong paalisin ko ay boyfriend ko, Mr. Alejar!”

“Ah! So he’s you’re fiancé,” anitong may bahid ng insulto sa boses.

“Yes, precisely.”

Napataas ang isang sulok ng labi nito. “He’s a fool para hayaan kang lumapit sa akin. If I were in

his shoes, hindi kita papayagang lumapit sa isang estranghero nang nag-iisa.”

“Kilala ka na niya, Mr. Alejar, kaya hindi—”

“All the more na dapat siyang mag-ingat. With my horrible reputation, hindi malayong nakawin kita at iuwi sa bahay ko sa Sta. Mesa. I can keep you there under lock and key, with big, wild dogs guarding your room.”

“You’re used to getting what you want, aren’t you?”

“Yes. And for the moment, ikaw ang gusto ko.”

“Mr. Alejar, wala akong balak na magkaroon ng intimate relationship sa ‘yo,” matigas niyang sabi. “Kaya lamang ako naglakas-loob na kausapin ka ay dahil sa isang proposal na gusto kong i-offer sa ‘yo.”

Nagbago ang ekspresyon nito. “You’re not interested in me?”

“Definitely not,” taas-noo niyang pahayag. “My interest in you is purely business.”

“A business proposal, hmm...?”

Tumango siya.

“If that’s the case, then, kailangan mong magpa-set ng appointment sa sekretarya ko. Pag-uusapan natin iyang proposal mo whenever and wherever it’s convenient for me.” Pagkasabi niyon ay pumasok ito sa loob ng kotse at walang paalam na umalis.

Natigagal si Alona. That was the very first time na inutusan siyang pumila for a business appointment!

CHAPTER THREE

Kinabukasan ay nagpadala si Alona ng message sa tanggapan ni Brett upang imbitahan ito sa kanyang opisina ngunit nabigo lang siya dahil ni hindi raw nito pinansin ang kanyang mensahe.

Pagkalipas ng dalawang linggo, muli niyang kinausap ang sekretarya nito. Uminit ang ulo niya nang sabihin nitong siya ang inuutusan ng lalaki na pumunta sa isang office nito.

Naiirita man ay napilitan siyang tumalima. Tatal, siya naman ang may kailangan, dapat lang na siya ang lumapit. Kaya heto siya ngayon, matiyagang naghihintay sa opisina ng lalaki.

Tumingin siya sa relo. Ganoon na lang ang inis niya nang malamang mahigit isang oras na rin pala siyang naroroon. Tumayo siya patungo sa private office nito.

Kakatok pa lamang siya nang biglang bumukas ang pinto at umalingawngaw ang hagikgik ng isang kilalang modelong nakita niyang kausap ni Brett. Namumukhaan niya ang babae dahil ilang beses na rin silang nagkita sa mga social gatherings.

Nahinto ito sa pagtawa nang makita siya. Tumingala ito sa binatang katabi. "Hindi ko alam na

magkakilala pala kayo ni Alona Lagdameo, Darling.”

Saglit siyang tinapunan ng tingin ng lalaki.

“Minsan lang kami nagkita, Trixie,” pagkuwa’y sabi nito. “Naririto siya ngayon dahil sa isang business proposal.”

Nagustuhan ng modelo ang narinig na sagot.

Tumiyad pa ito at hinalikan sa labi ang binata, pagkatapos ay tila nagbabantang tinitigan siya bago umalis. “I’ll just call you later, Darling.”

Ibig nang matawa ni Alona sa ipinapakitang possessiveness nito sa binata. Kung iniisip ni Trixie na aagawin niya si Brett, she was wrong. Sawa na siya sa mga taong kasing-arogante nito.

“If you don’t mind, Mr. Alejar, gusto ko sanang mag-usap na tayo nang maayos. As you can see, sira na ang schedule ko dahil sa mga abalang hindi ko inaasahan.”

“Sure, Miss Lagdameo. Come in.” Nilawakan nito ang pagkakabukas ng pinto.

Pumasok siya sa loob ng office. Hindi sinasadyang nahagip ng pang-amoy niya ang pabangong gamit nito. Muntik na siyang ma-tense pero kinontrol niya ang sarili.

Palihim niyang pinanood ang pagkilos nito. Mula sa pagsasara nito ng pinto hanggang sa paglakad palapit sa kanya.

Siya na nga ang lalaking hinahanap ko, amin niya sa sarili.

Ang lahat dito mula sa kalkuladong paghakbang, ang bahagyang pagtaas ng noo, at ang pagdadala sa sarili ay nagbabadya ng malaki nitong tiwala sa sariling pagkatao at kakayahan. Idagdag pa roon ang taas nitong angkat sa karaniwan. Natitiyak niyang hindi manliliit ang lalaki sa harap ng kanyang pamilya.

Nagkamay silang dalawa bago naupo.

“Binata ka pa ba, Mr. Alejar?” derechong tanong niya. Bigla siyang namula nang makita ang pagtaas ng kilay nito sa napaka-personal niyang tanong. “Ang ibig—”

“I understand,” putol nito sa naaaliw na boses. “Binatang-binata pa ako, Miss Lagdameo. Perfectly available.”

Napuna niya ang pagbibigay-diin nito sa huling sinabi. “Good,” sabi niya. “Kailangan iyon sa proposal na io-offer ko sa iyo.”

Naisuklay nito ang kamay sa buhok at saka umayos sa pagkakaupo. “Exactly just what kind of a proposal are you offering me?”

“There is a very important role that I want you to perform for me,” simula niya. “Of course, I will be paying you para sa magiging effort mo.”

Hindi pa rin ito kumibo. Kumuha ito ng sigarilyo sa breast pocket at sinindihaan iyon.

“Just name your price,” subok ulit niya. “And I assure you na nakahanda akong bayaran iyon. That

is, of course, kung magagawa mo ang ipinapagawa ko nang walang kapalpakan."

Nagbuga ito ng usok, parang pinag-iisipan kung sasang-ayon o hindi sa alok niya. "Anong role?" tanong nito pagkuwan.

Sandali siyang natigilan. "I want you to pretend to be my fiancé on my father's birthday."

Lumitaw sa mga mata nito ang pagkaaliw. Muli itong nagbuga ng usok at saka bumunghalit ng tawa. Umalingawngaw sa loob ng opisina ang halakhak nito at habang pinapanood niya ito ay lalo namang tumitingkad ang kanyang pamumula.

"I don't find anything funny in what I said," napipikong saad niya.

Sumeryoso ito. Umayos muli ito ng pagkakaupo at derechong hinagod ng tingin ang kaharap.

"I'm serious about my proposal, Mr. Alejar," may iritasyon sa boses na turan niya.

Pinag-aralan nito ang mukha niya. "Seriously, Miss Lagdameo," pagkuwa'y kaswal na saad nito, "nagtataka ako kung bakit kailangan mo pa akong upahan para gumanap na kasintahan mo. With your face and gorgeous body, kahit sino'y magkakandarapang sumunod sa anumang gustuhin mo. And besides, hindi ba't may fiancé ka na 'ika mo nang nag-meet tayo sa party some weeks ago?"

"You're right," kalmado niyang sagot. "Si Warren iyon."

Tumangu-tango ito. "Bakit hindi siya ang iharap sa ama mo?"

"That's none of your business."

"It is my business dahil ipinapasok mo ako ngayon sa isang kompromisong wala naman akong kinalaman. I always play fair sa lahat ng bagay, Miss Lagdameo, and as a rule, I expect my associates to play in just the same way."

"You're asking me to divulge something very personal," reklamo niya.

"The kind of proposal you're offering me is in itself personal, kaya natural lang na dapat mong ipaalam ang iba pang personal na bagay na kaakibat nito."

"Would it make a difference sa pagpayag mo?"

"Yes."

Humugot siya ng malalim na hininga bago inisa-isa sa lalaki ang problema nila ni Warren. "Kaya here I am," pagtatapos niya, "humihingi ng tulong para mailigtas ang relasyon namin ni Warren."

"Have you considered other solutions?"

"Walang ibang paraan kundi ito.

Makapangyarihan ang Papa at kaya niyang makuha ano mang gustuhin niya. Kung gusto niya kaming paglayuin ni Warren, he can do so. Ang magagawa ko na lang ay ang paglalangan siya."

"By using me."

"Right."

"I see." At tumatangu-tangong inabot nito ang ashtray at idiniin doon ang nangangalahating sigarilyo.

"Masyado nang humahaba ang usapan natin, Mr. Alejar," naiinip niyang sabi. "Bakit hindi mo na agad sabihin kung pumapayag ka o hindi sa proposal ko?"

Pinagmasdan nito ang mukha niya. "Convince me some more."

Nagtagis ang mga bagang niya. "I'm willing to pay you the price you want. Pumayag ka lang sa gusto ko."

"I'm very expensive."

"I know, but like what I said, I'm willing to give you whatever it takes in return sa hinihingi ko sa iyo. You won't regret it, believe me."

"I didn't know that sales and promotion was one of your many talents," puri nito.

Napatayo siya sa labis na inis. "Please take me seriously!" Itinukod niya ang dalawang kamay sa desk at naniningkit ang mga matang tumitig sa naaaliw na binata. "Ano? Magkano ba ang kailangan mo? Just say it para matapos na ito!"

"Hindi pera ang kailangan ko, Miss Lagdameo," tipid nitong sagot sa kalmanteng boses.

"W-what?"

"Marami na akong pera kaya ano pa ang gagawin ko sa inaalok mo? Hindi naman ako sobrang gahaman sa salapi para dagdagan pa ang sobra-sobra

ko nang yaman."

"But you can never have enough money!" napupunding katuwiran niya. "Paano kung dumating ang panahong malugi ka? Saan ka kukuha ng perang ipangsasagip sa iyong negosyo?"

"Kung dumating man iyon ay saka na lang ako lalapit sa iyo," tila naaliw pa ring turan nito.

"By that time ay hindi na kita kailangan. Bakit hindi—"

"Sa ngayon ay hindi ko pa kailangan ang ano mang perang hindi ko pinaghirapan," putol nito. "Malakas pa ako at nakakapagtrabaho."

"Kung papayag ka sa alok ko ay paghihirapan mo rin ang kikitain mo," pamimilit niya.

"Ayokong umarte, Miss Lagdameo."

"My God!" Napaikot na ang bola ng mga mata niya. "Hindi ko na talaga alam kung ano pa ang gagawin ko." Muli siyang bumalik sa pagkakaupo. "Okay, ano ba talaga ang kailangan mo para mapapayag kita sa alok ko?"

"Pinakaayaw ko sa lahat ang pagkukunwari."

"That means na hindi mo talaga kailanman tatanggapin ang alok ko?" tanong niya sa pinatapang na boses kahit na nakakadama na siya ng desperasyon. Kailangan niya ang tulong ni Brett Alejar at wala na yata siyang lalaking maiharap sa ama maliban dito.

"On the contrary, puwede kong tanggapin ang

alok mo. Pero depende iyon sa mapapagkasunduan nating terms.”

“What do you want? Name it!”

“I want our relationship to be real,” sagot nito.

Tila bombang sumabog iyon sa kanyang pandinig. Make it for real? Marahas siyang napailing nang lubusang rumehistro sa isip niya ang katotohanan ng sinabi nito. Medyo nahilo siya. Isipin lamang niyang magkukunwari silang magkasintahan ay hindi na siya mapakali, iyon pa kayang totohanan?

Napakurap-kurap siya at nalilitong tinitigan si Brett. “I love my fiancé,” narinig na lang niya ang sariling sumagot.

“Then that only means na hindi tayo magkakasundo. I can’t accept your terms in the same way that you can’t accept mine.”

Tumayo ang dalaga at nanghihinang tinungo ang pinto.

“Miss Lagdameo....”

Lumingon siya.

“My decision is not yet final.”

Hindi siya tumugon ngunit mabilis na muling umandar ang kanyang utak. Mayroon pa siyang barahang mailalaban. Kung hindi niya maidadaan sa pakiusapan ang lalaki ay magre-resort siya sa pilitan. Blackmail.

Matapos ang pakikipag-usap dito ay tinungo niya ang kinaroroonan ng kanyang kotse. Inabot niya

ang cell phone at isinagawa ang pangalawang plano. Tinawagan niya ang private investigator na inupahan upang imbestigahan si Brett.

“May nalaman ka na ba?” Napakunot-noo siya sa isinagot ng kausap. “Okay, pero sundan mo pa rin siya saan man siya magpunta,” utos niya. “Kung kinakailangang akyatin mo ang bahay niya mamaya sa Sta. Mesa ay gawin mo. Anumang matuklasan mo na puwede kong gamitin laban sa kanya ay sabihin mo agad sa akin.”

Pagka-off niya ng cell phone ay muling dumilim ang anyo niya nang maalala ang naging usapan nila ng antipatikong lalaki.

“Papayag ka rin sa gusto kong mangyari, Brett Alejar,” anas niya. “Hindi ako titigil hangga’t hindi kita naiharap sa Papa!”

Sunod niyang tinawagan ang kasintahan at nagkasundo silang magkita. Ilang minuto siyang naghintay sa tipanan bago dumating si Warren. Lumabas siya ng kotse at sumabay rito papasok sa restaurant. Regular silang kumakain doon kaya awtomatiko silang dumako sa kanilang paboritong mesa. Ikinuwento niya rito ang lahat ng mga nangyari.

“Ano ba ang hinihingi niyang kapalit?” tanong ng nobyo.

“Gusto niyang maging totohanan ang relasyon namin.” Nakagat niya ang labi nang maisip na hindi

na niya pala dapat pang sinabi iyon kay Warren. “Of course, hindi ako pumayag,” mabilis na bawi niya. “He was out of his mind to even suggest such a thing!”

Nagbaba ng tingin ang binata, pilit itinago ang nadaramang insecurity sa pagkakaroon niya ng isang tagahangang tulad ni Brett. “Gusto ka niya, Alona,” pahayag nito.

Umiling siya. “Sinabi niya lang iyon para inisin ako. Masyado siyang bilib sa sarili kaya inakala niya’y agad kong iga-grab ang opportunity na maging babae niya.”

“Sa tingin ko’y dapat tayong maghanap ng ibang lalaking aayon sa plano mo. Masyado na tayong kinakapos sa panahon at kumakalat na rin ang tungkol sa relasyon nating dalawa. Kapag nalaman ito ni Alfon—”

“No, Warren.”

“Be realistic, Alona.”

“Hindi pa ba pagiging realistic itong ginagawa ko? Totoong si Brett lang at wala nang iba pang ang lalaking ikagagalak ng Papa na iharap ko sa kanya.” Inabot niya ang kamay ng kasintahan at sinalubong ang mga mata nito. Gusto niyang ipaunawa ritong ang lahat ng ginagawa niya ay para sa kanilang relasyon. “Mapagtatakpan natin kay Papa ang relasyon natin, Warren.”

“It’s useless,” iling nito.

“Lalong magiging useless ang lahat kung hindi si Brett Alejar ang makukuha natin,” muli niyang pangangatuwiran. Puno ng determinasyon ang boses niya kaya napabuntong-hininga na lang ang binata.